# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 45 BILANG 5 | BASAHIN AT TALAKAYIN | MAYO 2025


## Palawakin at palalimin ang kilusang pagwawasto at pabulasin ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa!

*Pahayag para sa Pandaigdigang Araw ng Paggawa*
*Komiteng Rehiyon sa Timog Katagalugan*
*Mayo 1, 2025*

Sa dakilang araw na ito, ipinapaabot ng Komiteng Rehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Timog Katagalugan ang pinakamataas na pagkilala at pagpupugay sa manggagawang Pilipino at sa nakamit nilang tagumpay sa kanilang pakikibaka bilang pinakaproduktibo, pinakaorganisado at pinakaabanteng uri sa lipunan at rebolusyong Pilipino. Kasama ng uring magsasaka at ng iba pang aping uri sa Pilipinas, utang natin sa kanila ang kung anumang likhang yaman mayroon sa kasalukuyan ang bansa at ang daigdig at kung anumang lakas mayroon ang rebolusyonaryong kilusan.

Sa rehiyong TK, laluna sa kalunsuran ng CALABARZON, manggagawa ang bumubuo ng pinakamalaking bilang ng populasyon at pangunahing kumokontrol sa daloy at takbo ng ekonomya ng kalunsuran. Binubuo nila ang 30-33% ng populasyon o katumbas ng 4-5 milyong katao. Konsentrado sila sa mga pabrika't mga tipong garison na *industrial enclaves* at sa inuuwian nilang mga komunidad. Dumadanas sila ng grabeng pagsasamantala at pang-aapi dulot ng napakababang pasahod, kawalang kaseguruhan sa trabaho at panunupil sa kanilang karapatan laluna sa pag-oorganisa't pagtatayo ng kanilang mga unyon at organisasyon at pagdaraos ng mga pagkilos at pagpapahayag upang ipaglaban ang kanilang interes at karaingan. Katunayan, mayroon lamang silang minimum na sahod na ₱430-560 na lubhang mababa ng ₱584-809 sa dapat na ₱1,225 nakabubuhay na sahod nitong Marso 2025. Napakalala ng estado ng kaseguruhan sa trabaho ng mga manggagawa. Makikita ito sa tantos na umaabot sa 60-75% ang mga kontraktwal na manggagawa na ang nararanasan lamang na klase ng regularidad ay ang malawakang pagpapatalsik sa kanila sa trabaho tuwing ikaanim o ikatlong buwang saklaw ng kontrata ng pagtatrabaho sa mga kapitalista. Kung mababa ang



KALATAS

*Mayo 2025*
*TOMO 45 BILANG 5*

*NILALAMAN*


*1 Palawakin at palalimin ang kilusang pagwawasto at pabulasin ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa!*

*5 Gisingin ang higanteng pwersa ng uring manggagawa sa TK upang magsulong ng Demokratikong Rebolusyong Bayan*

*6 Bagong instrumento ni Marcos Jr. sa pandaraya sa eleksyon*

*7 Mayo 1, 1989: Isang makasaysayang araw para sa uring manggagawa*

*8 Welga: Matalas na sandata ng nakikibakang manggagawa*

*10 Marxistang pagbabalik-tanaw sa pag-usbong ng mga unyon*

*11 Tagumpay ng Technol Eight sa CBN*

*11 Tugon ni PdG: Anong tipo ng unyon ang kailangan upang ibayong palakasin ang kilusang paggawa?*

*14 Sanaysay: Conveyor*



*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Tumatanggap ito ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

tumblr.com/strevportal

@comkathryn.bsky.social


sahod ng mga regular na manggagawa, higit na mas mababa ang sahod ng mga kontraktwal na manggagawa at halos walang benepisyo at kung mayroon man ay kakarampot at maituturing na pakitang tao lamang. Sa buong bansa, umaabot lamang sa 4.2% ng mga rehistradong pabrika ang may nakatayong unyon. Kalakhan pa sa mga ito ay mga unyong kontrolado ng mga kapitalista at napakaliit lamang ang bilang ng mga tunay, anti-imperyalista at makabayang unyon. Epekto nito, barat na barat ang sahod dahil sa napakahina ng organisadong lakas ng manggagawa upang ipaglaban ang kanilang karapatan para sa nakabubuhay na sahod, kaseguruhan sa trabaho at iba pa nilang karapatan bilang mga manggagawa.

Pinakamataas na pagpupugay ang ibinibigay ng Partido sa mga dakilang martir at bayani mula sa uring manggagawa na walang pag-iimbot na inialay ang kanilang kaisa-isang buhay upang paglingkuran ang interes ng uri sa pamamagitan ng pagsusulong ng dakilang pakikibaka ng uring mangaggawa at sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalistang bukas.

Natatanging pagpupugay at pinakamataas na parangal ang ibinibigay ng Partido sa sumusunod na mga kadre, lider at kasapi ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa rehiyong TK:

Verleen "Ka Bugoy, Ka Inggo" Trinidad, Diosdado "Ka Fort" Fortuna, Noel Sanchez, Leonardo delos Reyes, Junior Almendarez, Ka Dodie ng La Tondeña, Doris Cuario, Edward Panganiban, Lope Natividad, Gerry Cristobal, Buth Servida, Felipe "Ka Philip" Lapa, Mel Roxas, Florencio "Bong" Romano, Ronnie Almonte, Roberto Dela Cruz, Romy Malabanan, Fabian Cantalejo, Abet Lakindanum, Mario Legaspi, Carlos "Ka Caloy" Rodriguez, Celito Baccay, Dandy Miguel, Reynaldo Malaborbor, Andrew Iniosa, Wesley Obmerga, Vilma Salabao, Manny Asuncion, Ate Mely Carbajal.

Natatanging pagpupugay din at pinakamataas na parangal ang ibinibigay ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon sa mga manggagawang tumahak sa landas ng armadong pakikibaka, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan at inialay ang buong buhay sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan hanggang sa kanilang huling hininga. Sila sina:

Cesar "Ka Ruben" Batralo, Rachell "Ka Minda" Tanteo, Norman de Castro, Reimundo Galicia, Apol Dorano, Romy "Ka JI/Cayman", Rommel "Ka Totoy" Aguado, Edwar "Ka Paciano" Gomez, Celino Baccay, Roderick "Ka Pluto/Goma" Sinas, Cristina "Ka Blue/Billy" Estocado, Eduardo "Ka Resty" Torrenueva, Darwin "Rio" Amay, Jose "Ka Pancho" Villahermosa, Lucio "Ka Bisaya" Simporoso, Dario "Ka Poldo" Almonte, Dioscorro "Ka Termo" Cello.

Ang kanilang kadakilaan ay nakasulat na sa pahina ng rebolusyonaryong kasaysayan ng kilusang manggagawa at sambayanang Pilipino at patuloy na magbibigay inspirasyon sa milyun-milyong manggagawang Pilipino at sa iba pang uring api upang tahakin ang dakilang pakikibaka para sa paglaya ng uri at ng sambayanang Pilipino sa salot ng imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Makasaysayang kagyat na tungkulin ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa ngayon na palalilim at palawakin ang kilusang pagwawasto na inilulunsad ng Partido sa kanilang hanay.

Habang kinikilala nating makasaysayang tagumpay na sa kabila ng walang awat na panunupil ng kapital gamit ang papet na estado

at kanilang instrumentalidad ay nagawa ng kilusang manggagawa na patuloy na sumulong at magkamit ng signipikanteng tagumpay sa ekonomya at pulitika, hindi maikakaila na sa kabuuan, nananatiling maliit, mahina at matamlay ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa rehiyong TK. Makikita ito sa lubhang maliit at ibayo pang umunti ang nasasaklaw nating mga pabrika't komunidad at bilang ng naoorganisang manggagawa laluna nitong nakaraang limang taon. Malaking tamlay at lubhang kakaunti ang nailulunsad na pakikibaka ng mga manggagawa upang itaas ang sahod gayong isa ang rehiyon sa may napakababang sistema ng pasahod. Kahimat may mga pumutok na mga welga ng manggagawa, pailan-ilan lamang ang mga ito at ni hindi nakayayanig sa lakas at kapangyarihan ng kapital. Maliitan ang inaabot at napapakilos sa pakikibaka para sa nakabubuhay na sahod, seguridad sa trabaho. Higit pa, lubhang maliit ang napapakilos na mga manggagawa sa mga anti-pasista at anti-imperyalistang pakikibaka na labas sa isyu ng sektor. Karugtong nito, halos napabayaan ang pagpapalawak at pagpapalalim ng rebolusyonaryong kilusang lihim sa hanay ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa, laluna ang pagpapalakas ng Partido. Pinakamalala, halos tumigil na ang dating tuluy-tuloy na daloy ng pagpapasampa sa BHB at armadong pakikibaka.

Inugat ito sa kakulangan at matamlay na gawaing pang-organisasyon at gawaing edukasyon sa hanay ng manggagawa. Sa gayon, hindi malalim na nakokonsolida ang pambansa-demokratiko, sosyalista at MLM na kaisipan ng mga organisadong manggagawa. Ang antas ng kamulatan at pagkilos ng kalakhang organisadong pwersa ay hanggang pakikibakang pang-ekonomya at hindi naiaangat sa pakikibakang pampulitika.

Ang mga nabanggit na praktika ay magpapakita ng mga hibo o impluwensya ng alinman sa mga kahinaan ng legalismo, ekonomismo at na kapag hindi mapagpasyang naiwasto ay tutungo sa repormismo. Dapat mahigpit na mapanghawakan na habang isinusulong ng kilusang manggagawa ang lokal na mga pakikibakang pang-unyon para sa sahod at mga karapatan, dapat mahigpit itong ikawing at iangat sa pakikibaka laban sa naghaharing estado. Dapat gamitin nila ang kanilang lakas at sandata ng welga para isulong ang mga kahingian ng masang manggagawa at buong sambayanan.

May nakitang pagluwag sa paghawak sa estratehikong prinsipyong ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa ang gulugod ng rebolusyonaryong kilusan sa kalunsuran at sa gayo'y nararapat na bigyan ng pangunahing timbang at diin sa gawain ng Partido sa kalunsuran. Nakita din ang burukratikong istilo ng pamumuno at paggawa ng ilang mga kadre at komite ng Partido sa kilusang manggagawa. Hindi pa naiwawasto ang istilong empleyadong pagkilos. Malaki ang kapos sa paglubog sa masang manggagawa na kanilang iminumulat, inoorganisa at pinakikilos.

May pangangailangang iwasto ang lubhang kapabayaan sa pagkumpleto ng panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri sa kilusang manggagawa. Dahil dito'y may suliranin sa pagsapol sa kalagayan ng manggagawa at sa kahandaan nilang lumaban. May epekto itong pagpana sa maling target, pagkagumon sa sekundaryong mga direksyon at diin ng gawain at tendensyang bumuntot sa pakikibaka ng mga manggagawa.

Kasabay ng pagwawasto, nararapat na isagawa ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa rehiyon ang opensiba sa pagpapalawak. Nararapat buklurin ng opensibang ito ang masang manggagawa sa paglaban sa ilang dekada nang pananalasa ng neoliberal na pambubusabos, pleksibilisasyon at kontraktwalisasyon, mga patakarang anti-unyon at anti-welga, at pasistang paniniil upang tuluy-tuloy na basagin ang kapitalistang blokeyo sa paggawa at kamtin ang walang kaparis na paglawak at paglakas ng militante at makabayang unyonismo at mga pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika ng mga manggagawa.

Mahigpit na panghawakan ang laban sa pagpapataas ng sahod ng mga manggagawa bilang sentral na laban. Bukod dito, dalhin ang laban sa kaseguruhan sa trabaho't regularisasyon at iba pa para sa kagalingan at karapatan ng mga manggagawa. Alinsunod dito, ipaglaban ang pagpapataas ng sahod ng manggagawa sa pamantayan ng nakabubuhay na sahod sa iba't ibang larangan at entablado ng pakikibaka (mula sa pakikipagtawaran sa CBA sa mga kapitalista, laban sa reaksyunaryong kongreso hanggang sa paglulunsad ng mga welga). Bigyan ng diin ang pagsusulong ng kilusang welga bilang isa sa pangunahing sandata ng uring manggagawa sa kanyang pakikibaka.

Kaakibat nito, isagawa ang masaklaw na pampulitikang pakikibaka laban sa pasista, papet at mandarambong na rehimeng Marcos alinsunod sa anti-imperyalista, antipasista at anti-pyudal na linya. Dapat manguna ang mga manggagawa sa masang tagalunsod sa pagtutol at paglaban sa lahat ng kaso ng pasistang paniniil sa mga demokratikong karapatan ng mamamayan sa kanayunan man o kalunsuran. Dapat manguna sila sa pagtutol sa Anti-Terrorism Law, militarisasyon, pambobomba, todong gera, maramihang pamamaslang ng karaniwang mamamayan, gayundin sa namamayagpag na mga imposisyon at panghihimasok ng US, laluna itong pang-uupat ng US ng inter-imperyalistang gera laban sa Tsina.

Kailangang bigyang atensyon ng opensiba sa pagpapalawak ang pagsaklaw ng pagkilos sa lahat o halos lahat ng malalaking konsentrasyon ng mga manggagawa at estratehikong mga industriya at empresa, *conglomerate* at *line industries* at buuin ang

rebolusyonaryong lakas ng uring manggagawa sa mga ito. Nararapat na buuin ang pinakamaraming rebolusyonaryong unyon alinsunod sa diwa ng Leninistang unyon. Kailangang iwasto ang praktikang pagkakategorya ng mga unyon bilang yaon lamang RBA *(Recognized Bargaining Agent)*. Pagpapakitid ito sa sarili at pagpapatihulog sa legalista at burges na pakahulugan ng isang unyon at di ng Leninistang pakahulugan ng unyon bilang pangmasang organisasyon ng mga manggagawa na sumasaklaw sa mayorya kundi man lahat ng mga manggagawa sa isang empresa ng walang pagtatangi kung sila man ay regular, kaswal at kontraktwal. Wala ring pagtatangi kung ang organisasyong ito ay RBA o hindi o kung nasa proseso pang ipinaglalaban nila ang recognition bilang RBA.

Sa ganitong pakahulugan, habang nagbubuo tayo ng unyon, at iginigiit na ito ang maging RBA sa pamamagitan ng *certification election* (CE), hindi ito ang pinal na sukatan ng pagiging unyon ng itinatayo nating unyon. Alinsunod dito, nararapat na makapagbuo ng iba't ibang angkop na anyo ng organisasyon ng mga manggagawa tulad ng mga organisasyong pangkultura, pangkabataan, kababaihan at iba pa upang abutin ang pinakamalawak na manggagawa para sa pakikibaka ng uri. Ang pag-iral ng mga unyon at organisasyong ito ay hindi nagtatapos kahit matalo sa CE o ng pagkakatanggal ng mga manggagawa sa pabrika. Dapat na patuloy na panatilihin ang integridad ng mga ito at patuloy na palawakin at palakasin.

Sa ganitong paraan, magiging papalawak ang organisado at unyonisadong bahagi ng kilusang manggagawa dahil hindi natin hinahayaang makupot at maigapos sa restriksyon ng burges at reaksyunaryong batas. Sa direksyong ito, dapat idebelop ng kilusang manggagawa ang sariling lakas sa pulitika at organisasyon—at itatag ang pamumuno at nangungunang papel nito sa pakikibaka ng mga maralita sa komunidad at sa kilusang unyon.

Dagdag pa, kailangang palakasin ang istruktura ng mga pinamumunuang unyon upang maging malalakas na sentro sa pagpapalawak, pag-oorganisa, pagpapakilos at pagpapalakas ng kilusang manggagawa.

Alinsunod sa nakamit na tagumpay ng opensiba sa pagpapalawak, mabilis na buuin at palawakin ang lihim na network sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga grupo ng Pulang Brigada ng Manggagawa (PBM) sa mga pabrika't empresa na ating inoorganisa. Mabilis na paramihin ang mga kasapi ng Partido sa hanay ng uring manggagawa nang walang pinapapasok na isa mang di kanais-nais. Gumawa ng plano para sistematikong reklutahin ang malaking mayorya ng mga aktibista at unyonista sa Partido at rebolusyonaryong kilusang lihim. Palakasin ang mga Batayang Yunit ng Partido (BYP) sa mga pabrika, itayo ang mga grupo ng Partido sa loob ng unyon upang aktibong mapangasiwaan ang mga pakikibakang manggagawa at maging mahigpit na katuwang ng mga BYP. Itayo at konsolidahin ang mga Komiteng Seksyon sa antas ng mga engklabo at malalaking unyon hanggang maitayo ang mga pandistritong komite alinsunod sa pag-unlad at nakamit na lakas sa organisasyon.

Bigyan ng masusing pansin ang pagpapalitaw at pagsasanay ng maraming kadre at organisador mula sa mas batang henerasyon ng mga aktibistang manggagawa at tuldukan ang burukratikong istilo ng pamumuno at gabay. Kailangang magsikhay upang makapagpalitaw ng mga lider manggagawa tungong mga propesyunal na rebolusyonaryo, yaong mga lider at pwersa na may 24 oras na inilalaan ang sarili sa pagrerebolusyon, mataas ang komitment sa rebolusyon at kakayaning kumilos kahit gipit sa rekurso o matindi ang pasistang pang-aatake.

Susing tungkulin upang magawa ito ang tuloy-tuloy na masiglang mga kampanyang edukasyon sa hanay ng manggagawa upang maitaas ang kanilang kamulatan sa malawakang mga pag-aaral at sapulin ang istorikal na papel ng uring manggagawa sa lipunan at rebolusyon. Ipalaganap sa masang manggagawa ang teorya ng sosyalistang rebolusyon at iba pang pundamental na prinsipyo ng MLM. Bukod dito, nararapat na pasiglahin ang pampulitikang edukasyon sa hanay ng manggagawa lalung-laluna ang nilalaman ng kurikulum ng PADEPA. Higit na palakasin ang makinarya para sa sosyalistang edukasyon, PADEPA at pagsasanay ng mga aktibistang manggagawa.

Kaakibat nito, nararapat na ibigay ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa ang kanyang buong suportang pulitikal at tauhan para sa pagsusulong ng armadong pakikibaka at pagpapalakas ng Bagong Hukbong Bayan. Isang kagyat at kinakailangang tungkulin itong dapat na masigabong maisagawa ng kilusang manggagawa ngayon at sa malapit na hinaharap sa gitna ng mga pinsala at pag-atras na dinanas ng rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan.

Panghuli, sa dakilang araw na ito, nararapat nating muling pagtibayin ang ating panatang isulong ang pakikibaka ng uring manggagawa hindi lamang para sa pagpapataas ng sahod, kaseguruhan sa trabaho at karapatan sa ilalim ng papet na estado, kundi higit pa'y upang pamunuan ang pagsusulong ng bagong tipong pambansa-demokratikong rebolusyon sa Pilipinas upang ibagsak ang sistemang malakolonyal at malapyudal, kamtin ang pambansang kalayaan at demokrasya, itatag ang estadong pinamumunuan ng uring manggagawa kasama ang iba pang api at demokratikong uri. Sa ganito'y tiyaking makasulong ang uri sa sosyalistang rebolusyon upang itatag ang sosyalismo sa Pilipinas bilang ambag sa dakilang pakikibaka ng uring manggagawa sa daigdig upang ibagsak ang kapitalismo sa kanyang huling yugto, ang imperyalismo at kamtin ang komunistang daigdig. K

# Gisingin ang higanteng pwersa ng uring manggagawa sa TK upang magsulong ng Demokratikong Rebolusyong Bayan

Estratehiko ang pagsulong ng kilusang paggawa at pagrerebolusyonisa sa mga manggagawa sa Timog Katagalugan (TK) sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Napakalaki ng potensyal ng kilusan ng mga manggagawa sa TK lalo't nasa rehiyon ang pinakamaraming manggagawa at nagaganap dito ang napakasahol na mga kundisyon sa paggawa. Nananatili ring nakatindig sa rehiyon ang mga unyon at pederasyon ng mga unyon sa kabila ng matinding pasistang pang-aatake ng estado.

**Kalagayan ng mga pwersa sa paggawa**

Sa TK, ang bilang ng pwersang paggawa ay mahahati sa dalawang lugar: ang 12.1 milyon ay nasa CALABARZON at 2.1 milyon ay nasa MIMAROPA na bumubuo sa kabuuang 14.2 milyon. Katunayan, 18% ng buong pwersang paggawa ng bansa ang nasa TK, at 15% ang partikular na bahagi ng CALABARZON. Pumapangalawa lamang ang NCR kung saan bibilang sa 10.4 milyon ang manggagawa. Ang mga bilang na ito ay mula sa ahensya ng reaksyunaryong gubyerno na Philippine Statistics Authority (PSA).

Sa klasipikasyon ng PSA, hindi lahat ng may kakayahan sa paggawa ay ibinibilang sa pagkuha ng porsyento ng may hanapbuhay o *employment rate*. Hindi ibinibilang ang mga kasambahay, nag-aalaga ng mga sanggol o paslit, mga may kapansanan na wala sa trabaho, mga nag-aaral, mga retirado at mga naninirahan sa ibayong dagat (migrante). Labas sa mga nabanggit, lahat ng nasa edad 15 pataas ay kabilang sa *labor force participation rate* (LFPR).

Sa pinakahuling inilabas na Labor Force Survey (LFS) noong Abril 2024, ang LFPR ng CALABARZON ay 64.8% at 64.2% ang sa MIMAROPA. May katumbas itong 9.2 milyon na handang magtrabaho sa buong TK na nahahati sa 7.8 milyon ng CALABARZON at 1.4 milyon ng MIMAROPA. Sa hanay ng mga ito nagmula ang 95% na may trabaho sa CALABARZON at 96% sa MIMAROPA. Sa buong TK, ang itinuturing ng PSA na may trabaho ay 8.7 milyon na nahahati sa 7.4 milyon sa CALABARZON at 1.3 milyon sa MIMAROPA.




Malaki ang problema sa datos ng PSA kaugnay sa *employment rate* dahil malaking bilang ng itinuturing na may trabaho ay *self-employed* o may sariling trabaho na bumubuo sa 28% sa lahat ng may trabahong itinala, halos sangkatlo. Ang trabahong ito ay hindi pangmatagalan at hindi maaasahan sa tuluy-tuloy na pagsuporta ng pamilya.

Bukod dito, may 7% ibinibilang sa *employed* pero walang sahod o hindi binabayaran ang paggawa. Kapag pinagsama ang dalawang kategorya, 35% ito ng pwersang paggawa na may bilang na 3.2 milyon sa buong TK. Kapag idinagdag ito sa upisyal na bilang ng walang trabaho, may nakalululang bilang na 3.7 milyon na walang pormal na hanapbuhay sa hanay ng 9.2 milyong pwersa sa paggawa ng TK.

Ang sahuran at sumusweldong manggagawa sa TK ay bumubuo sa 64% ng pwersang paggawa na may trabaho. Kabilang na rito ang itinuturing na propesyunal. Nasa pribadong kumpanya ang 4.4 milyon habang ang nasa gubyerno ay 777,000. Ang bilang ng pwersa na maaaring magbuo ng unyon sang-ayon sa reaksyunaryong batas ay 5.1 milyong nagtatrabaho sa TK. Ito ang inaasahang pwersang kalahok sa kolektibong pakikipagtawaran (*collective bargaining agreement* o CBA) sa mga kapitalista o punong burukrata para matamo ang kanilang mga demanda.

**'Di nakabubuhay na sahod**

Napakababa at hindi nakabubuhay ng pamilya ang sahod na ibinabayad ng kapitalista at burukrata kapitalista sa mga manggagawa, sa pribado man o sa sektor publiko. Sa CALABARZON, ang minimum na sahod noong Mayo 2024 ay ₱522 lamang kada araw samantalang ang itinakda ng National Wages and Productivity Commision (NWPC) na nakabubuhay na sahod para sa 5-kataong pamilya ay ₱1,122 bawat araw. Sa MIMAROPA, kahabag-habag na ₱352 kada araw ang minimum na sahod noong Marso 2024, malayo sa takda ng NWPC na nakabubuhay na sahod para sa 5-kataong pamilya na ₱1,213. Mistulang patakaran ng reaksyunaryong gubyerno ang hindi makataong kita ng manggagawa.

Milyun-milyon ang mga manggagawa ngunit maliit na bilang

lamang ang organisado sa mga unyon na pangunahing organisasyong magsusulong ng kanilang karapatan sa makatarungang sahod. Sa buong bilang na 34,543 kumpanya sa bansa na may pinakamababang 20 manggagawa pataas, 1,464 kumpanya o 4.2% lamang ang may rehistradong unyon. Mas maliit ito sa dating 6.3% noong 2018.

**Terorismo ang tugon ng rehimen sa paglaban ng uring manggagawa**

Ang dating pasistang panunupil sa pag-uunyon ng mga manggagawa ay hinigitan pa ng tahasang terorismo ng estado sa pamamagitan ng pagsasabatas ng Anti-Terrorism Law. Ang nakatayong estado ang nagsasagawa ng terorismo laban sa karaniwang mamamayan laluna laban sa mga manggagawa, aktibista, mga taong may makatarungang adbokasiya at mga kritiko ng gubyerno. Laganap na ginagamit ng mga militar, pulis at ahensyang pang-estado gaya ng NTF-ELCAC ang *red-tagging* bilang paghahanda para isagawa ang pagpaslang, pagdukot at pagwala sa mga lider at aktibistang kasapi ng unyon. Tampok na halimbawa nito ang operasyon ng PNP-CALABARZON na tinaguriang Bloody Sunday noong Marso 7, 2021 na pumatay sa siyam na lider at organisador kabilang ang lider manggagawang si Manny Asuncion. Makalipas ang ilang linggo, pinatay si Dandy Miguel, presidente ng unyon sa Fuji Electronics sa Laguna.

Maagang bahagi ng 2023, isang delegasyon ng International Labour Organization (ILO) ang nagsagawa ng imbestigasyon sa kalagayan ng mga unyon at nagpahayag ng pagkundena sa takbo ng kaisipan ng reaksyunaryong gubyerno na laging iniuugnay ang "unyonismo" sa komunismo. Mula 2016, 76 unyonista at organisador ang naitalang pinaslang ng mga pwersang panseguridad ng estado. Kahit matapos ang misyon ng ILO sa bansa, apat pang unyonista ang iniulat na pinaslang.

**Ang tunguhin ng rebolusyonaryong pakikibaka ng manggagawa**

Ipinaliwanag ng dakilang lider proletaryo na si kasamang Frederick Engels ang mahalagang papel ng pagkakaisa ng mga manggagawa sa anyo ng unyon. Aniya sa kanyang artikulo sa The Labour Standard noong 1881, "Kung wala ang mga pamamaraan ng paglaban ng mga unyon, hindi matatanggap ng mga manggagawa ang kahit anong nararapat batay sa mga tuntunin ng sistema ng sahod. Tanging sa pagkatakot sa mga unyon na nasa kanya mismong harapan mapipilitan ang mga kapitalista na ibigay ang buong halaga sa pamilihan ng lakas paggawa ng manggagawa." Kung gayon, magagawa lamang na itaas ang sahod at kamtin pa ang ibang demanda ng manggagawa kung mayroon siyang nakikibakang unyon.

Ngunit higit pa sa usapin ng pagtataas ng sahod ang dapat na maging layunin ng mga unyon at ng mga manggagawa. Ani Engels, "Ang pakikibaka sa pagitan ng dalawang malaking mga uri ng lipunan ay kinakailangang maging pakikibakang pulitikal. Sa bawat pakikibaka ng uri laban sa isa pang uri, ang kasunod na dulo na paglalabanan ay ang kapangyarihang pampulitika."

Hinding-hindi maaaring tumigil sa paglaban lamang sa umento sa sahod, sa seguridad sa trabaho, maayos na kalagayan sa paggawa at matatagumpay na CBA. Sa konteksto ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, kasalukuyang tangan ng uring manggagawa ang pamumuno sa pambansa demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Dapat mapanday ang masang manggagawa sa rebolusyonaryong pakikibaka at magsilbing balon ng mga kasapi at kadre ng Partido. Ultimong layunin nito na agawin ng uring manggagawa ang kapangyarihang pampulitika mula sa kamay ng gahaman at pasistang burgesya. K

*LATHALAIN*

# Bagong instrumento ni Marcos Jr. sa pandaraya sa eleksyon

Hindi natatapos ang pandaraya sa mamamayan sa pagdiskwalipika ng Commission on Elections (COMELEC) sa SMARTMATIC na maging *contractor* sa eleksyong 2025.

Kung matatandaan, ang SMARTMATIC ang susing pyesa sa manipulasyon ng eleksyon kung saan nanalong pangulo si Ferdinand Marcos Jr. at bise presidente si Sara Duterte noong 2022. Para sa eleksyong 2025, bagong mga kumpanya ngunit parehong mandaraya ang ipinwesto ni Marcos Jr. Ito ang mga kumpanyang Miru Systems at iONE-Ardent na magpapatakbo sa FASTrAC o Full Automation System with Transparency Audit/Count sa panahon ng eleksyon. Ang Miru ay isang kumpanya mula sa South Korea na nagbebenta ng mga kagamitang pangeleksyon.

Ang FASTrAC ay binubuo ng dalawang bahagi: una ay ang Automated Counting Machines (ACM) na reponsable para sa pagbibilang ng boto, at ikalawa ay ang Secure Electronic Transmission Services (SETS) na responsable naman sa pagpapasa ng nabilang na boto. Ang kontrata ay nagkakahalaga ng ₱18 bilyon. Sa likod ng mga serbisyong ito ay mga kwestyonableng kumpanya na may maruming rekord sa mga pambansang eleksyon na napangasiwaan nila.

Batay sa kontrata, sa Miru manggagaling ang 110,000 makina at iba pang kagamitan para sa eleksyon. Kasama rito ang *automated counting machine*, *ballot boxes*, papel na iimprentahan ng balota, *laptop* at iba pa. Ang iOne-

Ardent naman ang magbibigay ng serbisyong elektronikong transmisyon ng mga boto at lahat ng kaugnay nito (SETS).

Simula pa lang, batbat na ng anomalya ang pagkakapili sa Miru System at iONE-Ardent. Ang *joint venture* ng Miru (kasama ang Integrated Computer Systems o ICS, St. Timothy Construction Corporation, at Centerpoint Solutions Technologies Inc.) ang nag-iisang *bidder* na lumahok para sa *automated elections* sa eleksyon 2025. Noong Oktubre 2024, napag-alamang gawa-gawang kumpanya lamang ang St. Timothy Construction para masabing may lokal na kumpanyang kasali sa Joint Venture. Sa kabila ng malinaw na pagkabuwag ng *joint venture* na siyang pumirma sa kontrata ay pinili pa rin ng COMELEC na patuloy gamitin ang serbisyo ng Miru. Patuloy na kinukwestiyon ng mga eksperto sa korte ang ligalidad nito.

Nakikini-kinita na ang gagawing manipulasyon ng rehimeng Marcos Jr. sa pagkuha sa Miru na may mahaba nang maruming rekord sa South Korea at iba pang bansa. Sa South Korea, pumirma ang isang NGO ng eksklusibong *deal* sa Miru para magbigay ng VCMs sa ibang bansa bilang Official Development Assistance (ODA). Hindi ito dumaan sa nararapat na proseso ng *open bidding.* Sa Iraq ay nagkaroon ng 75% *failure* ng mga makina na humantong sa *manual recount* ng mga boto noong 2023. Malaking problema rin ang idinulot ng pagpalya ng mga gamit ng Miru sa 45.1% ng *polling stations* sa Democratic Republic of Congo (DRC) noong 2024. Sa DRC nabisto sa isang *software audit* na bulnerable ang kanilang mga makina sa pagmamanipula ng bilang ng boto. Nagbababala na hinggil sa maruming rekord ng Miru ang *election watchdog* na Democracy Watch Philippines subalit pilit pa rin ang ginagawang pagtanggi ng COMELEC.

Ikinababahala rin ang maruming rekord ng iOne Resources at Ardent Networks na siyang napiling *service provider* para sa SETS. Ang mga ito ay konektado sa kumpanyang Dominion na may rekord naman ng pandaraya sa eleksyong pambansa sa US.

Walang dudang dadayain ng rehimeng US-Marcos II ang eleksyong 2025 gamit ang FASTrAC tulad ng ginawa nila dati upang mailuklok sa poder noong 2022. Nais ni Marcos Jr. na maipanalo ang kanyang mga kandidato sa Alyansa para sa Bagong Pilipinas. Kritikal para sa rehimen ang eleksyong 2025 para patalsikin si Sara Duterte sa kasong impeachment ng huli sa Senado at patatagin ang kapit sa poder. Paghahanda rin ito ni Marcos Jr. para sa mas engrande pang dayaan sa darating na *presidential elections* sa 2028.

Sa garapalang pandaraya sa eleksyon, unti-unting natatanggalan ng tabing ang ilusyon ng "demokrasya" at patuloy na tumatatag ang paninindigan ng masang Pilipino na rebolusyon ang tunay na solusyon tungo sa tunay na makabuluhang panlipunang pagbabago. 🅺

*SERYE*

MAKIBAKA HUWAG MATAKOT

## Mayo 1, 1989: Isang makasaysayang araw para sa uring manggagawa

Aabot sa 200,000 manggagawa sa buong bansa ang naglunsad ng mga militanteng rali at demonstrasyon sa Metro Manila at iba pang sentrong urban noong Mayo 1 sa isang pagdiriwang ng isang Araw ng Paggawa na punumpuno ng makasaysayang kabuluhan para sa kilusang manggagawa sa bansa.

Sa Metro Manila, 130,000 manggagawa sa ilalim ng pamumuno ng Kilusang Mayo Uno ang nagtipon sa Luneta Grandstand sa pinakamalaking rali nito para sa Mayo Uno. Sa lungsod ng Davao, kung saan naghahari ang lagim dala ng mga *vigilante* mula nang umupo sa kapangyarihan ang rehimeng Aquino I, 20,000 ang nagmartsa sa mga lansangan. Sa harap ng planta sa Nestlé sa Cabuyao, Laguna, kung saan ang mga welgista na nagtatanggol sa kanilang piket ang pamalagiang nakikipaglaban sa mga armadong tropa at *goons* — 8,000 manggagawa mula sa iba't ibang bahagi ng Timog Katagalugan ang nagsama-sama.

Ang mga pagkilos para sa Mayo Uno ay naganap sa gitna ng isang kampanya para sa mas mataas na minimum na sahod. Ang usapin sa sahod ang nagpaalab at nagpalapad sa partisipasyon o paglahok ng mga manggagawa. Ipinahayag sa mga rali ang determinasyon ng mga manggagawa na tahakin ang landas ng militanteng pakikibaka sa pagsusulong ng kanilang pang-ekonomyang demanda at signos ng magaganap na makapang-yarihang pangkalahatang welga. 🅺

*Sanggunian: Welga at Pakikibaka: Balita ng Kilusang manggagawa sa Ang Bayan (1960-2024)*

# Welga: Matalas na sandata ng nakikibakang manggagawa

Sa larangan ng pakikipagtagisan ng manggagawa sa kapitalista, ang welga ang pinakamatalas at epektibong sandata ng mga manggagawa sa loob ng mga pagawaan.

Nakakamit ng mga manggagawa ang kanilang mga demanda at karapatan sa pamamagitan ng welga. Sa loob ng panahong pinahihinto ng welga ang produksyon sa loob ng pagawaan, nababawasan ang tubo ng kapitalista. Inilalagay nito ang mga kapitalista sa depensibong posisyon hanggang sa maobliga silang sundin ang demanda ng mga manggagawa. Kapag dumarami at masigla ang kilusang welga, napapatampok at naisusulong ang mga isyu at panawagan hinggil sa sahod, trabaho at karapatan. Umaakit ang mga ito ng suportang publiko at kadalasan, nagiging daan ito upang pwersahin ang estado na magpatupad ng mga reporma sa paggawa. Pinagsisilbi at iniaangat ng welga sa paglahok ng mga manggagawa sa pampulitikang pakikibaka at pakikipagkaisa nila sa hinaing ng iba pang sektor.

Kongkretong ipinakikita ng welga ang lakas at kapangyarihan ng sama-samang pagkilos ng nagkakaisang manggagawa para isulong ang kanilang interes. Dahil epektibo, naging popular itong anyo ng pakikibaka at ginagamit na rin ng ibang sektor tulad ng mga estudyante, titser at mala-manggagawa. Sandali nilang inaantala ang mga aktibidad ng lipunan upang ipahayag ang kanilang pagtutol sa mapang-api at mapagsamantalang kalakaran.

Ang kilusang welga ay paaralan kung paano iminumulat, inoorganisa at pinakikilos ang masang manggagawa. Dapat hanguan ng aral ang mga tampok na karanasan sa paglulunsad ng kilusang welga at gamitin itong inspirasyon sa pagputok ng paparami at papalawak na mga laban ng manggagawa at iba pang aping mamamayan.

**Pangkalahatang welga para sa taas-sahod (Mayo 26-31, 1989)**

Higit 200,000 libong manggagawa ang lumahok sa pambansang pangkalahatang welga na inilunsad upang igiit ang ₱30 na taas-sahod *across the board* at tutulan ang *wage regionalization* na katumbas na rin ng pag-alis sa pambansang minimum *wage*.

Pinangunahan ang welga ng higit 700 unyon na bumubuo sa 60% ng 1,200 unyon sa buong bansa. Aabot sa limang milyong oras ng trabaho ang nawala sa kapitalista habang 700 empresa at kumpanya sa industriya, serbisyo at transportasyon ang naparalisa sa loob ng halos isang linggong tigil-trabaho. Sa mga pagawaang hindi ganap na napatigil ang operasyon, nagkaroon pa rin ng mga aktibidad tulad ng parsyal na pagtigil sa trabaho, mga *walk-out* at mga protesta sa loob at labas ng pabrika.

Bahagi ng makasaysayang pagkilos ang *strike camp* sa harap ng Kamara mula Mayo 29-31 kung saan 4,000-5,000 manggagawa ang nagtitipon araw-araw. Bukod sa pagpapakita ng pwersa, nagsilbi ang kampuhan bilang sentruhan ng mga pag-aaral, mga pangkulturang aktibidad at iba pang anyo ng konsolidasyon sa mga manggagawa bilang uri.

Binigo ng welgang bayan ang mga pakana ng gubyerno na baratin ang mga manggagawa sa anyo ng panukala ng Kamara na ₱20-10 na *staggered* (utay-utay) na dagdag. Dahil matatag na tinanganan ng mga manggagawa ang kanilang panawagan at malawak na ang inaning suportang publiko, nakamit ng welga ang kagyat na pagpapasa ng batas para sa ₱25-20-15 na dagdag sa *minimum wage*: ₱25 sa mga tumatanggap ng ₱100 pababa sa malalaking empresang industriyal at malalaking plantasyon; ₱20 sa mga katamtamang laking plantasyon; at ₱15 para sa mga manggagawa sa agrikultura at maliliit na empresa.

**Welga sa pagawaan ng bote ng Coca-cola sa Cabuyao, Laguna (Mayo 2013)**

Ipinamalas ng mga manggagawa ng Coca-cola (Coke) na hindi hadlang ang pagiging kontraktwal upang kumilos at na dapat magtulungan ang mga regular at kontraktwal sa paglulunsad ng welga. Ipinutok ng aabot sa 300 manggagawa—binubuo ng mga drayber, *picker* at *operator* ng mga *forklift truck*—ang welga na nagpatigil sa paglalabas ng mga produktong *softdrink* mula sa pagawaan. Nagsimula ang welga alas-4 ng umaga ng Mayo 13 at inihudyat ng pagkakandado ng mga welgista sa apat na gate ng planta.

Mariing hinaing ng mga manggagawa ang mababang sahod, pagkakait ng mga benepisyo at hindi pagreregularisa ng kapitalista sa mga kontraktwal. Matinding pang-aapi at pagsasamantala ang dinadanas ng mga manggagawa doon—nasa ₱4,000 lamang kada swelduhan ang tinatanggap ng mga drayber kahit na marami sa kanila'y 10-18 taon nang nagtatrabaho sa Coca-cola. Umaabot din hanggang 18 oras ang *shift* sa pagdedeliber. Ang mga benepisyo at iba pang dapat igawad sa manggagawa ay kinakaltas pa sa kanilang sahod. Sa pakikipagkutsaba ng kumpanya sa gubyerno, ilang beses ding hinadlangan ang mga manggagawang nakapailalim sa Red System Agency na magtayo ng unyon at ibinalik pa sila sa pagiging kontraktwal sa kabila ng mga nauna nang naipanalong desisyon ng mga manggagawa.

Nagulantang ang kapitalista sa matibay na determinasyon ng mga manggagawa. Tumagal nang tatlong araw ang welga. Sa pagkaantala sa pagdedeliber ng mga produkto ay nawalan ang kumpanya ng higit ₱100 milyon. Sa huli, upang matapos ang welga, naobliga ang kapitalista na pumayag sa hiling ng mga manggagawa pangunahin ang demandang gawing regular ang mga kontraktwal.

**Serye ng welga laban sa *jeepney phaseout* (2023-2024)**

Isa sa pinakamalalaking kilusang masa na nasaksihan ng bansa sa huling limang taon ang serye ng mga welga ng mga drayber at maliliit na *operator* ng mga dyip at UV *express* laban sa *phaseout* ng mga kasalukuyang pampublikong sasakyan sa balangkas ng programang modernisasyon ng reaksyunaryong gubyerno. Mariin nilang nilabanan ang pagpapataw ng panibagong sistema sa transportasyon kung saan ipinagbabawal ang pagpasada ng mga dyip at inoobliga silang bumili ng mamahaling sasakyan na maglulubog sa kanila sa utang sa mga korporasyon.

Ang pambansang welga na nag-anyo sa mga ilang araw na tigil-pasada sa mga mayor na ruta sa pambansang kapitolyo at mga kalsada sa iba't ibang bayan mula Luzon, Visayas at Mindanao ay nilahukan ng daan-daang libo hanggang milyong drayber at *operator*. Naganap ang dalawang mayor na bugso noong Marso 6-12, 2023 at Abril 27-Mayo 1, 2024. Dito sa TK, umaabot ang pagpaparalisa sa biyahe nang mula 60-100% sa mga pangunahing kalsada sa Cavite, Batangas, Rizal at Laguna. Nagtigil-pasada rin ang ilang drayber ng jeep sa ilang bayan sa Mindoro at sa Puerto Princesa City sa Palawan na sinuportahan ng iba pang sektor. Dahil sa tamang linya sa propaganda at pagpapakita ng lakas ng masa sa mga pagkilos, nakipagkaisa sa mga drayber at *operator* ang malawak na hanay ng mamamayan. Kahit ang mga mananakay na naantala ang pagpunta sa trabaho o eskwelahan ay nagpahayag ng suporta para sa mga nag-tigil-pasada at panawagang huwag patayin ang kanilang kabuhayan.

Nakamit ng kilusang ito ang malaking tagumpay na paatrasin ang itinakdang petsa ng pagpapatupad ng nasabing programa. Una itong nangyari sa paglipat ng petsa mula Disyembre 31, 2023 tungong Abril 30, 2024, na muli pang napaatras ng welga. Napilitan pa ang Land Transport and Franchise Regulatory Board na amining nabigo silang konsolidahin ang mga drayber at *operator* sa signipikanteng bilang ng mga ruta.

**Welga sa Nexperia (dating NXP) sa Light Industry and Science Park 1, Laguna (Marso 2025)**

Gipitin man ng kapitalista kasabwat ang pasistang estado, hindi natinag ang mapanlabang diwa ng mga manggagawa ng Nexperia, isang kumpanyang nagmamanupaktura ng *semiconductor*. Mula Marso 5-8, nagwelga ang 1,300 manggagawa upang militanteng irehistro ang kanilang demanda na itaas ang sahod at ibalik sa trabaho ang mga iligal na sinisante. Pinangunahan ito ng Nexperia Philippines Inc. Workers' Union (NPIWU-National Federation of Labor Unions-Kilusang Mayo Uno).

Humantong na sa welga ang mga manggagawa ng Nexperia matapos ang mga tuso at paulit-ulit na maniobra ng kapitalista na isabotahe ang kanilang negosasyon para sa *collective bargaining agreement,* kabilang ang adyenda para sa makatarungang taas-sahod. Inihain ng kumpanya ang ₱17 dagdag sahod na malayung-malayo sa demandang ₱150 ng mga manggagawa.

Lumahok ang iba't ibang sektor sa laban ng unyon ng Nexperia. Sa tatlong araw ng welga, dinayo ng mga kabataan, kababaihan, mga drayber at iba pang maralitang mamamayan ang labas ng pagawaan. Nakapagpalakas ng loob ng mga manggagawa ang mainit na suporta—hinahatiran sila ng pagkain at tubig, bukod pa ang pagbuhos ng mga mensahe ng pakikiisa.

Sa pagtatapos ng welga, nakamit ng mga manggagawa ang ₱57 dagdag sahod na nahahati sa tatlong taon at pagbabalik sa trabaho ng dalawang opisyal ng unyon na iligal na tinanggal. Sa kabilang panig, nawalan ng ₱1.26 bilyong kita ang Nexperia sa 74 oras na welga. K



# Marxistang pagbabalik-tanaw sa pag-usbong ng mga unyon

Mahalagang ipwesto ang pag-unawa sa pagkakalikha ng unyon sa balangkas ng syensya ng istorikong materyalismo at ekonomyang pampulitika.

Katulad ng katotohanan na sa pagsilang ng burgesya ay kakambal na isinilang ang proletaryado, ang unyon ng mga manggagawa ay isinilang na kakambal ng uring proletaryado. Posible lamang ang dalawang penomenon na ito sa kundisyon ng pagsilang ng kapitalismo, sa kundisyon ng modernong produksyong panlipunan na nagrebolusyunisa sa mga pwersa sa produksyon para sa maramihang produksyon ng mga kalakal—subalit hindi para tugunan ang pangangailangan ng lipunan kundi para tugunan ang pagkakamal ng papalaking tubo ng mga kapitalista mula sa labis na halagang nalilikha ng kolektibong pagtatrabaho ng uring manggagawa at masang anakpawis.

Ang labis na halagang ito ay nagmumula sa pawis at dugo ng uring manggagawa, ang naitatagong hinuhuthot na halaga na katumbas ng pagsasamantala ng uring kapitalista sa mga manggagawa sa ilalim ng kapitalistang sistema ng sahuran.



Sa ilalim ng kapitalismo, lahat ng bagay ay itinuturing na kalakal. Nilikha nito sa isang dulo ang kasaganaan para sa uring kapitalista at burgesya na nagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon, at sa kabilang dulo ang sukdulang karalitaan at paghihikahos ng uring manggagawa at iba pang masang anakpawis na walang ibang pag-aari kundi ang kanilang lakas-paggawa o ang kakayahang magtrabaho na handang ibenta sa kapitalista bilang alipin ng kapital katumbas ng di nakabubuhay na sahod.

Ngunit saan nagmumula ang pondo *(wage fund)* na ipinasasahod sa mga manggagawa? Sa Kapital ng mga kapitalista? Subalit ang Kapital sa kalikasan nito ay hindi maaaring paramihin ang sarili kaya hindi maaaring sa Kapital manggaling ito. Sa pagpasok lamang ng Kapital sa proseso ng produksyon, pinakikilos nito ang paggawa ng mga manggagawa para lumikha ng bagong halaga na patuloy na lumalago bilang nakaimbak na Kapital na inaangkin naman ng kapitalista. Ang paggawa ang nagpaparami sa Kapital. Kaya sa huling suma, ang sahod ng mga manggagawa ay nagmumula rin sa nililikha nilang halaga na nakaimbak sa mga makina, gusali, hilaw na materyal at bilang *wage fund*. Ito ay bulgar na "paggisa sa mga manggagawa sa sariling mantika."

Ito ang batayan ng di mapagkakaisang interes ng kapitalista at manggagawa—ang salalayan sa ekonomya at pulitika ng kanilang di mapagkakasundong makauring tunggalian bilang magkasalungat na mga uri—sa isang dulo ang mga nagsasamantala at sa kabilang dulo ang mga pinagsasamantalahan.

Isang penomenon din na sa ilalim lamang ng kundisyon ng modernong produksyong panlipunan, naganap ang pagtitipon sa mga manggagawa sa mga *workshop* sa ilalim ng iisang bubong, inorganisa ang kanilang panlipunang paggawa *(social labor)* sa ilalim ng sistema ng kapitalistang dibisyon ng paggawa, isang sistema na nagkadena sa masang manggagawa sa kumpas at pagtakbo ng makina at nagsadlak sa kanila sa walang kaparis na di makataong mga kundisyon: aliping pagpapasahod at kawalang benipisyo, walang seguridad sa trabaho, rehimentadong disiplina at *company rules* sa ilalim ng mapagmatyag na mata ng mga superbisor at manedyer ng kapitalista, malapresong kundisyon na laging handang disiplinahin ang manggagawa sa bawat pagkakamali, sapilitang pagpapa-obertaym, at marami pang ibang anyo ng pang-aapi.

Gayunman, ang pagtitipon sa iisang bubong ng pagtatrabaho at ng pagsasama-sama ng maraming manggagawa na nagmula sa iba't ibang lupalop, sa di sinadyang intensyon ng mga kapitalista, ay nagsilang ng pagkakapatiran sa uring ito na hindi magkakakilala subalit pinagbubuklod ng kumon na mga hinaing at karanasan upang magsama-sama sa isang organisasyon—sa isang unyon—upang magkaroon ng lakas na kumprontahin at makipagtawaran sa kanilang *employer* para sa mas mataas at nakabubuhay na sahod. Sa ganitong konteksto isinilang ang mga unyon ng mga manggagawa bilang istorikal na nesesidad na buklurin ang makapangyarihang lakas ng uring ito na maglilibing sa uring kapitalista at sa sistemang kinakatawan nila. K

TUGON ni PATNUBAY DE GUIA

# Anong tipo ng unyon ang kailangan upang ibayong palakasin ang kilusang paggawa?

Sa kasaysayan, ang pagkakabuo ng mga unyon ay iniluwal ng pangangailangang magsama-sama ang mga manggagawa upang komprontahin ang kanilang *employer* para sa "makatwirang arawang sahod katumbas ng makatwirang araw ng pagtatrabaho." Kaya sa pagsilang pa lamang ng unyon, taglay na nito ang binhi ng pag-unawa na kailangan nitong buklurin ang lahat ng mga manggagawa sa mga pook-trabaho (*workhouses*) upang kumprontahin ang kanilang *employer* para sa mas mataas na sahod at mabuting kundisyon sa paggawa.

Subalit ilusyong hangarin ang "makatwirang arawang sahod katumbas ng makatwirang araw ng pagtatrabaho." Kailanman hindi mangyayari na makuha ng manggagawa sa kanyang pakikipagtawaran sa kapitalista ang makatwirang sahod dahil nagsisimula siya sa di patas na pusisyon. Pinagtatrabaho siya sa isang haba ng panahon at intensidad kung saan ang produkto ng kanyang paggawa ay pag-aari ng kapitalista. Habang ibinibigay ng manggagawa ang buo nyang kakayahan na magtrabaho halimbawa sa walong oras (nagsimula pa muna ito sa 16 na oras bago pa naipagwagi ang walong oras na paggawa), sinusuklian naman ito ng kapitalista ng kakarampot na sahod. Ngunit ito mismo ang nagiging daan para hinangin nang sintigas ng bakal ang kanilang pagkakaisa sa isang unyon at sa pamamagitan ng unyon naipaglalaban nila ang kanilang interes para sa mataas at nakabubuhay na sahod.

Mas matingkad ang pagiging dehado ng manggagawa kapag walang tunay na unyon o kaya'y nagiging kasangkapan lamang ito ng management (sa kaso ng mga dilawan at *company union*). Ipapaubaya ba ng mga manggagawa ang kanilang kapalaran sa "kabutihang loob" ng kapitalista? Higit na masama ang magiging kapalaran nila kung wala silang unyon kung saan bulnerable sila sa lahat ng kasamaan ng kanilang *employer*.

Saligang turo ni Lenin na ang unyon, bilang pangmasang organisasyon ng mga manggagawa, ay kailangang saklawin at ipaloob dito ang lahat o malaking mayorya ng kabuuang masang trabahador sa isang empresa. Ito ang saligang katangian ng isang Leninistang unyon. Ang batayang rekisito at kwalipikasyon ng pagsapi dito ay ang pagiging manggagawa at hindi kung ano ang kanilang katayuan o uri ng ginagampanang trabaho sa pabrika o empresa—hindi ang pagtatangi sa kanila kung sila man ay regular, kaswal, trainee o kontraktwal. Basta't manggagawa, pwedeng sumapi at maging kasapi ng unyon. Hindi ang pagkilala ng kapitalista ang magtatakda sa pag-iral ng unyon. Ang pagkilala dito ng mga manggagawa ang saligang pamantayan sa pag-iral ng kanilang unyon.Pangalawang katangian ng Leninistang unyon—at ito ang pinakamahalaga—ay ang pagiging mataas ng kamalayan sa pulitika at ideolohiya ng kasapian nito. Sa maikling salita, ang pagiging mulat-sa-uri bilang proletaryado.

Subalit sa nakaraan, nagpatihulog ang kilusang paggawa sa sariling pagpapakitid sa pagturing na ang mga regular na manggagawa lamang ang maaaring maging kasapi ng unyon. Kaya ang mga di regular na manggagawa ay na-etsapwerang sumapi sa unyon.

Ito ang pinakamasamang anyo ng sektarismo at sektaryanismo na puspusang nagpahina sa mga unyon dahil sinagkaan nito ang pagbubuo ng unyon bilang isang tunay na pangmasang organisasyon ng manggagawa. Itinatali nito ang sariling mga kamay na organisahin ang iba pang manggagawa sa pabrika at ipaloob sa mga unyon. Kaya nangyayari na sa panahon ng mga welga, ang mga manggagawang kontrakwal ang mismong nagsisilbing reserba ng kapitalista bilang mga iskirol.

Bago pa rumatsada ang pananalasa ng neoliberalismo sa kilusang paggawa, hindi pa kaagad naramdaman ang negatibong epekto sa kilusang manggagawa ng ganitong pagkakamali dahil malaki pa ang bilang ng mga regular na manggagawa at kasapian ng unyon sa mga pabrikang may progresibong mga unyon.

Subalit nang naganap na ang malawakang masaker ng regular na trabaho at naging puspusan ang pagpapatupad ng kontraktwalisasyon mula nang isinabatas ang Herrera Law noong 1989, naramdaman ng mga progresibong unyon ang unti-unting pagkaupos ng lakas nang naging minorya na lamang ang mga regular na unyonisadong manggagawa sa kabuuang bilang ng manggagawa sa pabrika at naging malaking mayorya na ang mga kontraktwal at di regular. Dumagan ito sa dati nang suliranin ng pagliit ng kasapian ng unyon dahil di nabubunot ang ugat ng sektarismo at sektaryanismo sa progresibong kilusang unyon.

Samantala, nagsimula ring maging mahirap ang pagtatayo ng mga bagong unyon dahil sa ipinatutupad na patakarang Labor-Only Contracting (LOC).

May kakambal pang pagkakamali ang unang pagkakamali: na ituring na "unyon" lamang ang itinatayong

unyon ng mga manggagawa kung ito ay *recognized bargaining agent* (RBA) o kinikilala ng kapitalista na kinakatawan nito ang mga manggagawa sa kolektibong pakikipagtawaran sa kapitalista. Ibayo pang pinakitid at dinisarmahan ng patakarang ito ang kilusang unyon ng mga manggagawa dahil ang mga itinatayong organisasyon ng mga manggagawang nasa proseso pang ipinaglalaban ang pagiging RBA ay itinuturing pang mga *pre-union formation* sa halip na kilalanin nang unyon. Bunga nito, di namamalayang isinusuko't binibitiwan ang inisyatiba na patuloy na palakasin ang kilusang unyon at kilusang manggagawa na di nahahangganan ng mga restriksyon ng reaksyunaryo at anti-manggagawang batas at patakaran ng estadong neokolonyal.

Ang dalawang pagkakamaling ito ay pagpapatihulog sa bitag ng ligalismo at repormismo alinsunod sa mga tuntunin ng anti-manggagawang Labor Code at mga batas ng reaksyunaryong estado na layong pagwatak-watakin ang pagkakaisa ng mga manggagawa at hadlangang maging mulat-sa-uri ang masang manggagawa. Dinisarmahan ng pagkakamaling ito ang kilusang unyon na mabilis na palawakin ang sarili, magtatag ng mga bagong unyon at buuin ang di mahahamong lakas ng mga progresibong unyon sa mga pabrika at empresa.

Dagdag pa, kasabwat ng mga kapitalista ang mga dilawang lider unyon at mga dati at bagong mga aristokrata sa paggawa sa panghahati sa kilusan ng mga manggagawa. Nasa *payroll* sila at tumatanggap ng suhol mula sa mga organisasyon sa negosyo ng mga kapitalista.

Itinuturo nina Marx, Engels at Lenin na ang unyon ay organisasyon ng mga manggagawa sa pagsusulong ng kanilang pakikibaka sa ekonomiya at pulitika. Ito ay kanilang organisasyon sa paglulunsad ng makauring pakikibaka ng mga manggagawa laban sa pagsasamantala ng uring kapitalista.

***"Kung hindi lalabas ang masang manggagawa sa loob ng apat na sulok ng kanilang pabrika at makikiisa sa pakikibaka ng mas malawak na masang api't pinagsasamantalahan ng imperyalismo't reaksyunaryong estado para baguhin ang lipunan sa isang rebolusyonaryong paraan, hindi mababago ang pusisyon nila sa pabrika at lipunan."***

Samantalang ang pagkakabuo ng mga unyon ay iniluwal ng pangangailangang isulong ang pakikibaka ng mga manggagawa para sa nakabubuhay na sahod, proteksyon sa pook-trabaho *(work place),* pakikipagtawaran para sa mainam na CBA at mga karagdagang benipisyo, hindi mapapalaya ng mga manggagawa ang sarili bilang isang uri kung hindi ito maitataas sa mga pakikibakang pampulitika na nakatutok sa reaksyunaryong estado na syang nagbabalangkas at nagpapatupad ng mga anti-manggagawa at anti-mamamayang mga batas at kautusan.

Nang inilabas ni Engels ang kanyang artikulo na ***"A Fair Day's Wages for a Fair Day's Work" (Makatwirang Arawang Sahod Katumbas ng Makatwirang Araw ng Pagtatrabaho)*** noong 1881, kanyang kinilala ang ambag na ginampanan ng panawagang ito sa panahon ng sumisiglang kilusang unyon sa England matapos ang pagbasura sa Combination Laws ng 1824[1], at ng maningning na Kilusang Chartist kung saan nasa unahan ang mga manggagawang English sa pagmartsa ng buong manggagawang Europeo. Subalit paglipas ng 50 taon lalo ang huling 30 taon nito, kanyang tinukoy na sa harap ng malalaking pagbabago at pagsulong ng kilusang manggagawa sa Europe, kailangan nang iwanan ang *motto* na ito at palitan ng: Pag-angkin sa mga Kaparaanan ng Paggawa — Hilaw na Materyal, mga Pabrika, Makinarya — ng Masang Nagtatrabaho para sa Kanilang Sarili.

Sa kanyang ***"Value, Price, Profit,"*** matalas na sinabi ni Marx na: "Sa halip ng konserbatibong *motto* na *'A fair day's wage for a fair day's work!'* dapat nilang itatak sa kanilang mga banner ang rebolusyonaryong panawagang: 'Pawiin ang sistemang sahuran!'"[2]

Sa konteksto ng kalagayan ng Pilipinas, malinaw sa mga turong ito na upang pandayin ang hukbo ng mga mulat-sa-uring manggagawa, dapat na walang pagod na ipaunawa sa masang manggagawa na ang pakikibaka para sa nakabubuhay na sahod ay kailangang ikawing sa kabuuang paglaban ng sambayanan para sa kanilang pambansa at demokratikong interes. Kaugnay nito, kailangang itaas ang mga pakikibakang pang-ekonomya ng mga manggagawa tungo sa pakikibakang pampulitika na tumatarget sa imperyalismo at lokal na mga naghaharing uri na syang nagsasadlak sa kanila sa karimarimarim na kundisyon sa paggawa. Kailangang isulong ang mga welgang pang-ekonomiya at hakbang-hakbang na pahinugin ito sa mga welgang pampulitika katuwang ng malawakang paglaban ng sambayanan at pagsulong ng armadong pakikibaka sa kanayunan.

Dapat bantayan at labanan ang paglitaw ng panganib ng ekonomismo at repormismo sa kilusang manggagawa. Dapat bantayan ang hila na makuntento na lamang sa pagkakamit ng mainam na CBA o sa mga barya-baryang konsesyon na ibinibigay

ng kapitalista sa pamamagitan ng Regional Wage Board, mga executive orders at lehislasyon sa Kongreso. Hinahadlangan nito ang pagbubuo ng mulat-sa-uring mga manggagawa na tutupad sa dakilang misyon nitong palayain ang sarili at pamunuan ang pambansa at demokratikong pakikibaka ng sambayanang Pilipino tungo sa pagtatatag ng sosyalistang bukas.

Kung hindi lalabas ang masang manggagawa sa loob ng apat na sulok ng kanilang pabrika at makikiisa sa pakikibaka ng mas malawak na masang api't pinagsasamantalahan ng imperyalismo't reaksyunaryong estado para baguhin ang lipunan sa isang rebolusyonaryong paraan, hindi mababago ang pusisyon nila sa pabrika at lipunan. Gaano man ang makamit nilang pagtaas ng sahod, patuloy pa ring di magbabago ang kanilang katayuan bilang mga aliping sahuran. 🅺

*Mga Tala*

*1 Engels, Frederick. "1881: A Fair Day's Wages for a Fair Day's Work". www.marxists.org. Labour STandard.*

*Noong Hunyo 21, 1824, sa matinding presyur ng publiko, binawi ng Parliamento ang pagbabawal sa mga unyon sa pamamagitan ng pagpapasa ng "Isang Batas para bawiin ang mga Batas relatibo sa pagsasama-sama ng mga manggagawa, at sa iba pang layuning nabanggit". Subalit, noong 1825, ipinasa nito ang isang panuklang batas hinggil sa pagsasama-sama ng mga manggagawa na, habang kinukumpirma ang pagbawi sa pagbabawal sa mga unyon, kasabay nito ay lubusan ding nilimitahan ang kanilang aktibidad. Sa partikular, ang simpleng ahitasyon sa mga manggagawa na sumapi sa unyon at sumama sa mga welga ay itinuring na "pamimilit" at "karahasan" at pinarurusahan bilang krimen. p.376*

*2 Marx, Karl. "1865: Value, Price and Profit". Eleanor Marx. Retrieved 3 June 2024.*

*BALITA*

# Tagumpay ng Technol Eight sa Collective Bargaining Negotiation

Katapusan ng taong 2024, iginuhit sa kasaysayan ng mga manggagawa ng Technol Eight Philippines ang matagumpay nilang Collective Bargaining Negotiation (CBN) sa pamamagitan ng kanilang sama-samang pagkilos at puspusang pakikitunggali sa kapital.

Sa kabila ng ilang pagtatangka ng kapitalista ng Technol Eight na baratin ang kahilingan ng mga manggagawa sa usapin ng sahod, seguridad sa trabaho, at iba pang mga patakaran sa loob ng pagawaan ay mapagpasyang tinugunan ito ng masiglang pagkilos ng mga manggagawa at mga miyembro ng unyon para ipagtagumpay ang kanilang mga demokratikong karapatan at mithiin.

Umabot sa 11 negosasyon bago mapagpasyang hamunin ng unyon ang kapitalista na ilabas ang usapin at makawala sa *deadlock* dahil sa pagmamatigas ng huli. Mula dito halos araw-araw na naglunsad ng mga pagkilos sa loob at labas ng planta para kondenahin ang pambabarat sa sahod at ang pagwawalang-bahala sa mga naunang patakaran hinggil sa regularisasyon ng mga kontraktwal na ang trabaho ay katulad ng sa regular na manggagawa. Dahil sa pagpupursige ng manggagawa na ipagtagumpay ang laban, walang nagawa ang kapitalista kundi ang pagtatapos ng negosasyon sa pamamagitan ng pagpayag sa kahilingan ng mga manggagawa.

Ilan sa mga matingkad na napagtagumpayan ng unyon ay ang sumusunod: (1) ₱180 taas sahod na hahatiin sa 2025-2027; at (2) *seniority pay increase* ng ₱2 sa limang taon, P3 sa anim hanggang sampung taon at ₱4 sa 11 taon at pataas na serbisyo. Naipanalo rin nil ang *signing bonus* at *retroactive pay* na ₱30,000.

Bukod pa sa mga tagumpay sa usaping ekonomiko, matagumpay ding iginiit ang karapatan ng mga manggagawa sa seguridad sa trabaho. Naipanalong gawing regular ang 22 manggagawang kontraktwal na nagtatrabaho ng isa hanggang limang taon nang nagtatrabaho sa kumpanya. Napanatili din ng unyon ang mga tagumpay sa mga naunang mga CBA tulad ng HMO Card, suplay ng mga *vitamins*, buwanang *rice allowance,* at iba pa.

Isa itong patunay na ang tagumpay ng Technol Eight ay kinakailangan sa pagkamit ng kaunting kaginhawaan sa buhay sa harap ng lumalalang krisis sa lipunan. Ang krisis na ito ang siya ring salik sa patuloy na pagbaba ng tunay na halaga ng arawang sahod ng mga manggagawa. Kung magbibigay man ng dagdag sahod ang gobyerno, nawawalan din ito kaagad ng bisa dahil sa krisis pang-ekonomya na nagbubunsod ng pagsirit ng presyo ng mga pangunahing bilihin sa merkado. Kaya dapat magbigkis at sama-samang kumilos ang masang manggagawa para ipaglaban ang kanilang interes at makaahon sa krisis. 🅺

**ITAAS ANG SAHOD! FAMILY LIVING WAGE, IPATUPAD!**

# Conveyor

Nakasakay ka na ba ng tsubibo? *Roller coaster? Ferris wheel?* Paikot-ikot. Walang tigil. Hindi ka puwedeng pumara. Ang may hawak lamang ng makina ang maaring magpasya kung ibababa ka na.

Pero hindi sa mga iyan ko gustong ipares ang buhay namin na paikot-ikot rin.

Sabi ng isang kanta tungkol sa amin, mapapansin mo lamang kami kapag nasagi na ang ulo ko sa balikat mo kung nagkatabi tayo sa dyip. Pero hindi na ako nagdi-dyip. May *shuttle bus* na kami. Kaya sino pa ang magpapasensya sa akin, ang katabi kong makakauntugan ko ng ulo kapag sabay na nalaglag sa antok?

Napakakaraniwan at walang kuwenta sa iyo, pero para sa akin kakuwento-kuwento ang buhay namin. Gigising ng alas-kwatro ng madaling araw. Magkakape ng *3-in-1.* Maliligo.

Maglalakad papuntang *pick-up point* ng *shuttle service.* Bibili ng nakasupot na pansit. Hahabhabin ang pansit habang nasa loob ng *shuttle*.

*Time in.* Trabaho.

Iilag sa bulyaw ng bisor at *line leader.* Yosi *break*. Trabaho.

*Lunch break* ng halumanis na adobo. Trabaho.

Yosi *break*. Trabaho.

Mag-o-OT[1] kahit pagod. *Time out.*

Aawas. Sasakay ng *shuttle*. Manginginain ng *chicken skin* sa *drop off point* ng *shuttle*. Yung may kasamang kanin.

Lakad pauwi. Magkakape. Maglalaba ng *uniform*.

*Video call* sa nanay. Mobile Legends. Tutulog na.

Ganun ulit bukas.

Kakain sa Mang Inasal kapag araw ng sahod. Magpapadala sa Palawan Express.

Ganyan lang ang buhay namin. Parang nasa *conveyor belt*.

Ang tawag sa amin — manggagawa.

*****



Susubukan kong punuan pa ang mga patlang. Bago ako naging manggagawa, pumila muna ako sa maraming *job agency.* Pumirma sa kontrata ng pagsasamantala, na sa loob ng limang buwan, magpapaapi ulit ako.

Bakit "proben" ang tawag sa pinritong balat ng manok? Dahil ba ito talaga ang napatunayang kalinga at itinadhana ng Diyos na kainin namin? Hindi ba kami karapat-dapat sa pitso at hita?

Meron naman talaga akong pagpipilian kahit kontrolado ng may-ari ng makina ang pagtigil ng walang katapusang pag-ikot. Kailangan kong magpasyang umibis[2]. K

1 *overtime*

2 *pagbaba mula sa sasakayan*